Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7i4
10-20-11

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG OKTUBRE 3, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-10:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 239-T2011**

**KAPASIYAHANG INILILIPAT ANG HALAGANG LABING SIYAM NA LIBO TATLONG DAAN PITUMPU'T ANIM NA PISO AT WALUMPU'T ANIM NA SENTIMOS (P19,376.86) MULA SA PONDONG NAKALAAN SA POSISYONG PAMBAYANG INGAT-YAMAN NG BUWAN NG ENERO HANGGANG PEBRERO 2011 NA MAY KABUUANG HALAGANG P67,452.00 PARA SA MONETIZATION NG LEAVE CREDITS NI G. EDUARDO B. SESGUNDO NG TANGGAPAN NG PAMBAYANG INGAT-YAMAN.**

**SAPAGKA'T**, iniliwat ng Kagalang-galang Punong Bayan Domingo G. Panganiban ang kahilingan ni G. Eduardo B. Sesgundo na makapagmonitize ng kanyang naipong leave credits;

**SAPAGKA'T**, layunin ng may kahilingan na magamit at maimonetize ang kanyang naipong leave credits upang matugunan ang kanyang mahigpit na pangangailangang pampinansyal.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Rolando Moises E. Acapulco, Serafin C. San Juan, Jr. at Rizaldy N. Kalaw at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang sumusunod na:

**KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 20-T2011**

**IPINAG-UUTOS** ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1** – Iliwat at ilaan ang halagang P19,375.86 mula sa pondong nakalaan sa posisyong Pambayang Ingat-Yaman ng buwan ng Enero hanggang Pebrero, 2011 na may kabuuang halagang P67,452.00 upang ilaan sa Monetization ng naipong leave credits ni G. Eduardo B. Sesgundo ng Tanggapan ng Pambayang Ingat-Yaman.

**SEKSYON 2** – Ang kapasiyahan / kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahan / kautusang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 3, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

KGG. RAMON D. TAN
Kagawad

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad

KGG. RIZALDY N. KALAW
Kagawad

KGG. LAARNI A. MALIBIRAN
Kagawad

KGG. LAURA P. OBLIGACION
Kagawad

KGG. JUN M. ASINAS
Kagawad

KGG. ROLANDO MOISES E. ACAPULCO
Kagawad

KGG. SERAFIN C. SAN JUAN, JR.
Kagawad

KGG. RONALD P. OBLIGACION
Kagawad

KGG. JOSE MAURO D. GABINETE
Kagawad

NAGPATOTOO:

KGG. LOUIE C. DE LEON
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan